


Ano ang Kalagayan ng mga Magsasaka sa Camarines Sur?

Simula pa nang ikalawang kwarto ng taon, bumagsak na sa P10 ang presyo ng sariwang palay sa ilang mayor na bayan ng Camarines Sur. Ngayong Setyembre, bumagsak pa ito sa P7 para sa sariwang palay at P10 para sa tuyong palay. Samantala, nananatili sa P36-45 ang presyo ng bigas sa mga pamilihan sa Camarines Sur. Kapansin-pansin din ang pagmahal ng mga farm inputs tulad ng pestisidyo at pataba.



Magkano ang Ginagastos sa Isang Ektaryang Palayan?

Materyales:

- a. Binhi - limang sako = P3,500
 - b. Pestisidyo = P4,300
 - lanete (dalawang sachet) – 170
 - supit (litro) - 1,500
 - surekill (isang litro) - 1,380
 - symbush (2 litro) - 1,250
 - c. Pataba = P13,300
 - crop giant (2 box) - 1400
 - complete (5 sako) - 5,900
 - urea (5 sako) - 6,000

Nota: Kinasanayan ng mga magsasakang maglaan ng malaking pondo para sa pataba dahil acidic na ang lupa.
 - d. Irigasyon – limang sakong palay x (50kg x P7) = P1,750
 - e. Transportasyon (Farm Inputs) = P500
 - f. Sakong paglalagyan (sa abereyds na 75 sakong ani) = P750
- = P24,100**

Iba't ibang kasanayan sa Patrabaho:

1. KONTRATA - Sa ganitong kaayusan, tatrabahuin na ng manggagawang-bukid, sa isang napagkasunduang halaga, ang lahat ng kinakailangan hanggang sa pag-ani. Karaniwan, para sa isang ektaryang lupa, umaabot ito sa P10,000 para sa bayad sa paggawa at P5,400 para sa krudo.
2. KAAPATAN - Sa kaayusang ito, kumukuha ang mga may-ari ng caretaker o tagapangalaga ng kanilang lupain. Sila ang pangunahing titiyak na matatamnan ang lupa. Ngunit, kaiba sa tenante, wala silang karapatan sa lupa kahit sila ang

gumagampan sa produksyon. Pagka-ani, 60% ang mapupunta sa caretaker ngunit siya rin ang babalik ng lahat ng gastos sa produksyon.

3. ARAWAN – Anuman ang trabaho, kadalasang takdang halaga na ang P300 kada araw kada tao. Naglalaan naman ng P180 para sa pagkain, sigarilyo at iba pang pangangailangan ng manggagawang-bukid.

4. TUPONGAN - Binabayaran ang manggagawang-bukid batay sa sukat ng eryang tatrabahuin. Sa isang ektarya, mayroong 33 tupong. Katumbas ang isang tupong ng 303sq.m.

5. TALOK-ANI - Binabayaran ng produkto ang manggagawang-bukid. May ilang pagkakataon na sa halip na sako ng palay ay lata ang ginagamit na sukatan. Ang isang lata ay katumbas ng 12.5 kilong palay sa sakong may lamang 50 kilos. Sa maliliit na erya, sa bawat 7 sako ng tenante ay mayroong isang sako ang manggagawang-bukid.

6. BAYAD-ANI - Binabayaran ng produkto ang manggagawang-bukid. May ilang pagkakataon na sa halip na sako ng palay ang sukatan ay lata ang ginagamit. Ang isang lata ay katumbas ng 12.5 kilong palay sa isang sakong mayroong 50 kilos.

Patrabaho:

1. Pagtabas + Paglalagay ng mga Pilapil + Pag-araro + Pagpapalambot ng lupa (*hand tractor*)
= P300 kada araw bayad sa paggawa at P180 pagkain/iba pang pangangailangan x 5 araw ng paggawa x 5 tao

= **P12,000**
2. Gagawa ng seedbed + Pagtatanim ng binhi (*Padapog*)
= P300 kada araw bayad sa paggawa at P180 pagkain/iba pang pangangailangan x 1 araw ng paggawa x 2 tao

= **P960**
3. Paghahanda ng mga tumubong binhi (*Pag-ganot*) + Pagtatanim ng tumubong binhi (*Pagtarok*)
= Sa tupongan: P150/tupong x 33 tupong

= **P4,950**

= Sa talok-ani: Sa kada 10 sakong maaaning palay, isa ang mapupunta sa manggagawang-bukid. Sa abereyds na 75 sako, papatak ng 7 1/2 sako ang bayad sa manggagawang-bukid.

= **P2,625**
4. Pag-spray ng pestisidyo
= P300 kada araw bayad sa paggawa at P180 pagkain/iba pang pangangailangan x 1 araw ng paggawa x 2 tao

*Renta sa Sprayer: P200

= **P960-P1,160**
5. Pag-ani

= Sa bayad-ani, sa kada 13 sakong maaaning palay, isa ang mapupunta sa manggagawang-bukid. Sa abereyds na 75 sakong palay, papatak ng 5 sako at 20 kilo ang bayad sa manggagawang-bukid.

= P1,890

6. Paghiwalay ng butil ng palay (Pagtreser)

= Sa bayad-ani, sa kada 13 sakong maaaning palay, isa ang mapupunta sa manggagawang-bukid. Sa abereyds na 75 sakong palay, papatak ng 5 sako at 20 kilo ang bayad sa manggagawang-bukid.

= P1,890

7. Paghakot ng produkto

= Kuliglig ang ginagamit sa paghakot. P10 bawat sako ang bayad hanggang madala sa kalsada ang mga produkto.

= P750

8. Pagpapatuyo

= Sa bayad-ani, sa kada 13 sakong maaaning palay, isa ang mapupunta sa manggagawang-bukid. Sa abereyds na 75 sakong palay, papatak ng 5 sako at 20 kilo ang bayad sa manggagawang-bukid.

= P1,890

KABUUHANG GASTOS SA PATRABAHO:

- A. Kung may kagamitan, sa sistemang tupongan ay aabot nang P25,290 ang gastos. Sa sistemang talok-ani, aabot nang P22,965.
- B. Kung magrerenta ng mga kagamitan, sa sistemang tupongan ay aabot nang P25,490 ang gastos. Sa sistemang talok-ani, aabot nang P23,165.

KABUUHANG GASTOS: P47,065-P49,590

- A. Kung may kagamitan, sa sistemang tupongan ay aabot nang P49,390 ang gastos. Sa sistemang talok-ani, aabot nang P49,590.
- B. Kung magrerenta ng mga kagamitan, sa sistemang tupongan ay aabot nang P47,065 ang gastos. Sa sistemang talok-ani, aabot nang P47,265.

Magkano ang kinikita ng isang tenante?

KABUUHANG KITA: 75 sako ng palay x P7/kl = **P26,250**

NETONG KITA: Dahil sa Rice Tariffication Law, walang kinikita ang tenante. Kulang pa ang kabuuhanang kita upang mabawi ang puhunan. Mayroon pang utang sa mga usurero, may-ari ng lupa at iba pang inuutangan para sa puhunan.

Hatian sa Kita:

- a. **60-40:** Ang 60% ng netong kita ay mapupunta sa may-ari ng lupa samantala 40% lang ang mapupunta sa tenante. Ang gastos sa produksyon ay ibabawas sa bahagi ng may-ari.